UNIVERSITY OF WASHINGTON
COLLEGE OF PHARMACY
SEATTLE

OFFICE OF THE DEAN

Apr. I6, I9I9.

Mrs. Juliana Ylagan Orosa,
Kinaguiguiliwan kong Ina:

Tinang-gap ko po ng boong lugod ang pinakamamahal kong inyong liham at doon ay natanto ko na tinang-gap ninyo ang ipinadala ko sa inyong cuarta sa pamamagitan ng Money Order. Tungkol po naman sa iba kong pinagbilhan ay naipadala ko na di n po ang agad pagkapagbile ko sapagka po at naalaman kong inyong kailangan ang kuarta. Kaya sa akala ko po ay sa mga panahong ito ay nararapat na ninyong tang-gapin sapagka po at ng ihulog ko ay sa mga buan pa ngEnero.Hindi ko po totoong natatandaan ang halaga ng Money Order na huli kong inihulog gnunit hindi po sasala sa $900.00 o I800.00 sa ating kuarta o$850.00 I700.00 sa ating kuarta. Nasabahay po ang recibo kaya kun sakali po at hindi ninyo tinatang-gap ay paghahanapin ko agad.

Tungkol po naman sa pagparine ni Pepe ay kun ako po ang inyong tatanongin ay hindi ko po gusto muna sa mga panahong ito sapagka po at ang una ay siay mababa pa o hindi pa tapos ng High School at ang ikalawa po ay siay bata pa. Kun sia po ay paparine ngayon ay masyado pong magtatagal sia at // marahil ay kababaan na ang limang taon. Ang isa pa po ay dahilan sa kanyang kabataan at dahilan sa karamihan dine ng Filipino ay maari niang makalimutan ang pag aaral at ang mahasikasuhan ay ang tinatawag na "good/ time". Dine po sa Seattle ay may mga isanglibong Filipinos at sa isang libong ito ay mga dalawampu lamang ang nakakaisip magaral. Ang lahat pong ito ay walang naiisipang gawin kundi maghanap buhay at pagkakakita ng kaonting salapi ay ipagsusugal, gagastosin sa babae at ipagmamakisig. Ganon po ang buhay ng maraming Filipinos dine. Ang marami pa po ay kahit malalaki na ang gana sa pag tatrabajo ay wala rin pagtatapos ng buan at naubos na sa kalokohan. Pag taglamig po ay sa katatamaran ay wala sila halos makain sapagka po at natatamad silang bumangon sa umaga at malamig, kaya sila po ay pahingi hingi na lamang ng kuarta o pagkain sa kapua Filipino. Ang marami po sa mga naparine sa America ay ang intencion ay magaral ngunit hindi rin po nakakapagaral at nadadala ng ibang mga Filipinong matatagal na rine. Kun si Pepe po sana ay tapos na ng High School ay mabute ganon ding kun ako po sana ay magtatagal pa dine ay maari ko pong pasundin sia sapagka po at iba ang siay kapisan ko at maaring siay matulungan ko sa lahat ng paraan, sapagaaral at iba pa lalo at kun ako po ay lagui niang kapisan ay siay mababakayan kong hawag makaparon sa lugar na tipunan ng mga Filipinos . Ganon din pong mahirap ang magaral at magtrabajo pa mabuto po lamang kun akoy palagui dine habang siay narine, ngunit pagsia po ay naiwan ko ay totoo siang mahihirapan. Ang lalao pong mabute ay siay mahhintay pa ng kaonting oras upang magkakataon pong akoy nakakauwe at nakakakita ng kaonti ay siay matutulungan ko at lalong mabute ay siay doon magaral sa isang lugar na kakaonti ang Filipino katulad ng Chicago, New York at iba pa.

Bagaman po Inang ay kun siay nagpipilit ay inyo pong pahihintulutan din sapagka po at baka pa lumayas. Kun sia po ay makakarating dine ay ako po ang bahala sa kanya ay pipilitin kong siay makapagaral agad at walang ibang hasikasuhin kundi magaral. Kun sakali po at sia ay magpipilit pumarine ay susulat po kayo sa akin kun kailan upang akin siang masalubong sa pier at sabihin po ninyo sa kanya na hawagaalis doon sa pier hangang

UNIVERSITY OF WASHINGTON
COLLEGE OF PHARMACY
SEATTLE

OFFICE OF THE DEAN



hinde ako nadating. Ako po ay nakakaalis sa oficina kahit anong oras kaya sia ay masasalubong ko fuera maypakiramdam.

Ako po naman ay awa ng Dios ay magaling naman at sa pataba ng pataba masyado po ang dami ng kain ko dine kaya paguwe ko diyan ay magugulat kayo sa dami ng kain ko. Hangan ngayon po ay mahal pa ang lahat ng bagay dine, / pagkain, damit, cuarto at iba pa. Diyan po baga sa atin ay mababa na ngayon? Hasi po baga ang ating tindahan? Bakit po kayo hindi nakinabang noong isang taon? Ano po ang nangyari? Sino po kaya ang tumampalasan ng ating gawa? Sina Colaching at Pasto po baga ay inyong napapakinabangan na sa tindahan?

Kayo po baga naman ay hindi nagkakasakit? Hawag po kayong totoong mag papakahirap sa kataoan at lalong mahirap po ang magkasakit. Huag po kayong magmagpapalampas sa gutom at huag magpapakapuyat sa gabi sapagka po at mas mahalaga ang inyong buhay salahat ng bagay. Awa po naman ng Dios ay ako naman ay hindi na ninyo alalahanin at bilang sa akoy tapos na at wala nga po akong hangarin kundi ang paraan ng pagtulong ko sa inyo at mga kapatid na mga bata. Malimit po ay akoy nangangarap ng tungkol sa sarile at wari po baga ay lagui kong nakikita ang ating bahay. Hari na nga pong akoy makauwe ring malwalhati sa madaling panahon upang tayoy magkitakitang muli, at hari na mga pong datnan ko kayong lahat diyan na matataba at malalakas.

Kumusta na po ang mga bata? Sa akala ko po ay silay kapisan ninyong lahat sapagka po at vacacion. Si Foling po baga ay may vacacion din? Sia po baga ay patuloy ~~pa ng pgaaral ng dentisteria~~? Hindi po baga sia nahihirapan? Sina Cesar po baga ay malimit sa atin? Kumusta po naman ang Nanang at si ate Tia? Totoo nga po baga na si ate Tia ay laguing may sakit? Ano po ang laguing sumasakit sa kanila?

Dine po ngayon ay tagarao na at hindi na totoong maguinao. Ang araw po ay laguing sumisikat at ang mga halaman ay nagsisipagbulaklakan na rin ngayon. Ang mga bata po at ang mga escuelas ay nakakapaglaro na ng sari-saring laro katulad ng mga laro diyan sa atin. Ito po lamang mga panahong ito ang kanilang naiipaglaro sapagka po at sa panahon ng taglamig ay hindi sila makapaglaro.

Ang akin pong pagaaral ay mahusay naman at ganon ding sa aking trabajo dine sa laboratory ay marami akong natututuhan. Ako po ay hawag ninyong aalalahanin at mabute naman awa ng Dios ang aking tayo. Ang Dean po ng College of Pharmacy ay mabute naman sa akin at malaki po ang kanyang gusto na ako ay matuto at mapakagaling.

Sa hangan dito po ay hari na ngang kayoy mabubuting lahat diyan katulad ng lagui kong idinadalangin sa Dios atdatnan ko kayong lahat paguwe ko na seguroy hinde na totoong magtatagal.

Ang inyong anak na naghihintay ng inyong vendicion sa lahat ng oras, gumiguilio at nagmamahal sa inyo,